

SUPALPAL: KONTRIBUSYON SA TRADISYON NG PAGSUSULAT SA PILIPINAS

U Eliserio

Ang papel na ito ay pagmumuni-muni sa pagsusulat. Una, maglalatatag ng pilosopiyang pangwika, base sa mga gawa ng manunuring si Raniela Barbaza, na may pagkiling sa post-estruktural at post-kolonyal na teorya, na may malawakang epekto sa pagtingin niya sa bayan. Pangalawa, susuriin ang ilang libro ng pilosopiya na orihinal na isinulat, o di kaya'y salin, sa Filipino. Ang pangatlo ay kalahating manifesto, kalahating polemiko, para sa pagtatag ng tradisyon ng pagsupalpal sa pagsusulat sa Pilipinas.

Paano Lumikha ng Bayan

Sa dalawang pag-aaral ni Raniela Barbaza (2014, 2017), makikita ang kanyang kakaibang pananaw sa wika. Nakabase sa post-kolonyal na teorya, at gayundin sa pilosopiya ng Pranses na si Jean-Luc Nancy, sinuri ni Barbaza ang orosipon ng Bicol bilang paraan ng pag-iisang bansa nang walang *homogenization*.

Binubuo pa lamang ang bansang Pilipinas sa panahong pinag-aralan ni Barbaza ang panitikan at wika ng Bicol sa kanyang *An Orosipon Kan Bikolnon: Interrupting the Philippine Nation*. Samantalang ang imahen ng bansa ay monolitiko, kaya't ang imahen ng pagpapalaganap nito ng wika ay *top-down*, kakatwa ang isinasalaysay ni Barbaza tungkol sa ating bayan, kung gagamitin ang perspektibo ng orosipon. Samantalang pinapalagay ng pagpaplanong pangwika ang mga katangian ng wika, kinukulit at pinaglalaruan ito ni Barbaza. Aniya, "a word becomes a word when it makes sense to at least two users. It is the word's intelligibility to at least two users that makes the word, a word. Otherwise, it is not a word. It is in the word then, or in language, that language users touch. ... As a site of commonality, however, language keeps itself to itself. That is to say, a word can never be owned by a single language user. To put it differently, language keeps itself precisely in the space between language users (2017, xxi). Bagaman sa

unang tingin ay para baga itong kahibangan na mas nababagay sa Kanluran, imbes na mahalagang kontribusyon sa Araling Pilipino, kapag lilimiin ay masusundan ang mga lohikal na kongklusyong inilahad ni Barbaza, mula rito sa kanyang pananaw sa wika, tungo sa kahulugan para sa bayan ng mga sinuri niyang teksto.

Sinasalungat ni Barbaza ang orisipon sa naratibo. Sa orosipon, hindi lang iisa ang nagkukwento. Laging may pagkakataong sumingit, iyon nga, mag-”interrupt.” Hindi lang ang naratibo, kung ang nililikha ng naratibo ang nakakaranas ng “interruption” (tingnan ang Barbaza 2014, 94). Pagpapaliwanag ni Barbaza: “Orosipon’s structural multiplicity and fluidity is contrary to the monologic and thus homogenizing tendencies of “narrative”” (2017, xxii; tingnan din ang 38-40). Ang kinukwento rito ay ang bansa, ang bayan. Hindi lamang problema ng Pilipinas ang tagalabas, ang banyaga. Sa loob nito’y may mga paghamon din. Paliwanag ni Barbaza: “The convulsions, which have always been present, are needless to say the speakings of new speakers. These speakings occur as interruptions of a current speaking. Interruption points, of course, to a temporal and spatial positioning within an already established current. The continuous interruption of the current of speaking, the nation, is thus a seizure of the position of speaker. To put it another way, it is a continuous claiming on the name “Filipino”” (xxv). Sa pananaw orosipon, hindi na lamang isa ang nagdodomina sa “Filipino.” Laging merong pwedeng sumingit. Samantalang ang binubuo ng pagpaplanong pangwika ay isang “estado-nasyon,” bayan ang binubuo ng orosipon, o pwede ring sabihin ang bayan ay orosipon. Paliwanag ni Barbaza, “bayan guards against the centralization of geopolitical power. Bayan, a contraction of the plural bahayag (a cluster of house), is also structurally multiple and fluid” (75). Dahil sa pananaw na ito tungkol sa kalikasan ng isang lipunan at isang bansa, nagkakaroon ng kataka-takang kongklusyon si Barbaza tungkol sa wika. Bagaman, halimbawa, nakikita niya ang lohika at gamit ng estandardisasyon, sinabi rin niya na ang pag-estandardisa ay pagsupil sa “structural fluidity and multiplicity” ng Bicol. Pagpapatuloy pa niya, “Standardization largely involves rendering the language into a structure that can be seen and held, and therefore controlled. The orosipon’s language demonstrates the author’s/authors’ and the editors’ attempt to take control of the language. The standardization of the Bikol language is the solidification in representation that has to be apparent not only in the lexicon of the language (Which is Bikolnon? Which is not?) but also, of course, in the ortography of the language. ... The Bikol language was

no longer just a means to communicate. It functioned as a representation of the Bikolnon, and therefore, an insistence of a space/place, in the national imaginary” (103).

Mas marahas ang kanyang mga susunod na kataga: “Standardization thus acts to take up space in the national imaginary even as it also removes differences and lends itself to commodification, and, thus, to the empowerment of the non-Bikolnon in the identity of capital.”

Sa kaniya namang artikulong “Wika at Identidad: Wikang Bikol bilang Lunan ng Bikolnon, 1890-1956,” idinidiin ni Barbaza ang pagsalungat niya sa monolitikong anyo ng bayan. Aniya, “Ang nangyayari katunayan sa kilos ng pagkakaisa ay walang iba kundi homojenisasyon: isang kilos na pagbura sa pagkakaiba o ng iba upang gawing kawangis ng hindi iba” (2014, 74). Syempre pa, hindi naman itinatakwil ni Barbaza ang pangangailangan sa pagkakaisa, o ang bisa ng lingua franca. Ang sinasabi niya, maaari tayong magkaroon ng bayan, ng bansa, nang hindi binubura ang indibidwal na katangian. Ang nais niyang bigyang-diin ay ang mga pagkakaiba, na may kani-kaniyang kontribusyon sa kaisahan: “nasa katangian mismo ng wika, higit lalo ang isang de facto pambansang lingua franca, na maging iba (maraming varayti/dayalek) ng bawat paggamit nito sa gitna ng pagganap nito ng tungkulin na papag-isahin ang marami” (76-77). Kakaiba itong pananaw sa wika, pero marami itong potensyal na binubuksan kung itutulak sa lohikal na kongklusyon: “Ang hamon sa atin ngayon samakatwid ay ganito: mapanatili ang komonaliti/pagkakatulad sa gitna ng pagkakaiba. Sa halip na ganap na kaisahan, ang posibilidad ay ang pagtukoy at pagpapatibay ng pagkakatulad/komonaliti na magpapanatili din naman sa pagkakaiba” (94). Samantalang kinikilala ni Barbaza ang linggwistik na pagkakatulad ng mga wikang Filipino, mas interesado siya sa mga posibilidad ng mga pagkakaiba ng mga wika sa Pilipinas, ang pagiging bukas ng Filipino. Aniya, “Ang iteratibong katangian mismo ng wika na may komon na grammar/istraktyur na nagpapahintulot sa pag-unawa ng lahat ay siya rin mismong nagbibigay pahintulot na magamit ito ng lahat at pwes, maging bukas sa pagbabago o pagkakaiba sa bawat bigkas/gamit nito.”

Ang pagseryoso ni Barbaza sa kanyang pananaw sa wika ang dahilan kung bakit naging masalimuot ang naging proseso niya ng pagsasalin ng mga osipon mulang Bikol tungong Filipino. Ang panganib na kanyang iniawasan ay ang pagbura sa identidad ng pinagmulang wika sa pagtatangkang itanghal ang mga teksto sa Filipinong audience. May sandali ng stream of consciousness

sa akademikong *Interrupting the Nation*, nang magtalaban ang iba't ibang layunin at pagnanasa ni Barbaza sa pahina: "Are the sentences too long? When does a sentence end and begin? My educated Tagalog eyes demand that the sentences be whipped into obedience: clean, clear, crisp sentences please. Where are the punctuation/s? Why is this word in capital letters? Why is this morpheme used here and not this other morpheme/affix?" Ang resulta'y kagaspangan, pero kagaspangan na kanais-nais: "The roughness that is experienced by the reader is the experience of what is foreign/not-self or to be more precise in this specific translation project, the nonacademic/literary Tagalog" (2017, 160). Tulad lang din ng salin mulang rehiyonal na wika tungong Filipino, na lagi't lagi'y nariyan ang di-maasimila, di-magawang-karaniwan/Tagalog, gayundin sa pagbuo ng isang bayan/bansa, nariyan lagi ang bukol, bumubukol, ang laging sumisingit, laging nangungulit na iba. Internal na iba ito, na siyang kinakailangan laban sa monokultura at homogenisasyon, sapagkat ang bayang nabura na ang pagkakaiba ay bayang hindi rin kinikilala ang pangangailangan at karapatan ng iba.

Ang pagsasaling bumubukol, pagsasaling may bukol, ay matutunghayan din sa pagsasalin ng mga pilosopikal na teksto sa Filipino, at sa mismong pamimilosopo sa Filipino. Ito ang paksa ng susunod na seksyon.

Santo, Santo, Santo

Paano magsalin ang pilosopong nagsasalin? Kunin nating bilang halimbawa si Roque Ferriols, pilosopo ng relihiyon na may pagkiling sa penomenolohiya, at nagsalin din ng mga gawang pilosopikal (Gabriel Marcel, Augustine). Narito ang kanyang paliwanag sa terminong "nibel":

Galing iyan sa Kastilang "*nivel*." Ang kahulugan nito ay may kinalaman sa patag, kapatagan, pagpapatag. Nibel ang tawag natin sa kasangkapang may bula, na ginagamit ng mga kantero, nang tiyaking patag ang sementong nilalatag nila. Ginagamit din ng alwagi nang huwag kumiling sa wasto, ang kahoy na pinagpapakuan ng mga tabla ng suwelo. Kapag iba-iba ang taas sa lupa ng maraming suwelo sa isang bahay, palapag ang tawag sa bawat suwelo. Matatawag ding: nibel. May mga patag na pook sa gilid ng bundok; iba ang taas ng bawat kapatagan: mga nibel ng bundok. Maaari ding tawaging nibel ang lahat ng mga pook sa bundok na pareho ang taas sa karagatan, kahit na hindi bumubuo ng isang kapatagan ang mga pook na ito.

Halimbawa: kahit na nasaan ka, lumalamig na ang hangin sa nibel ng apat na pie (2014, 35).

Syempre pa, hindi sa pagpapakahulugang ito nais i-deploy ni Ferriols ang “nibel.” Pinapakita na pang-araw-araw na gamit nito. Apat ang pilosopikal na paggamit niya sa “nibel”:

(1) Nilalagyan ko ng hangganan ang paningin ng aking isip, (2) upang maging masusi ang aking pagsusuri, (3) ngunit hindi ko lilimutin na ang may hangganan na aking sinusuri, ay bahagi ng at nabababad sa walang hanggang abot-tanaw ng meron, at may angaw angaw na pag-uugnay sa ibang mga umiiral. (4) Kaya’t sabay sa pagmumulat sa bagong kaalaman, may bagong pagmumulat sa kalawakan ng meron, sa mga masalimuot na pagkaugnay, na hindi ko nalalaman; sabay sa “alam ko na,” palaging may “hindi ko pa alam” at “malalaman ko kaya?” at “nais kong malaman” (36).

Kumbaga, pansamantala mong ilalagay ang pinagmumuni-munihan sa ganito o ganireng nibel, nang sa gayon ay mabusisi ito, pero laging nasa isip mo na hindi naman talaga ito malilimitahan sa nibel na natukoy. Masalimuot na paksa itong nibel, kaya nga gumagamit si Ferriols ng sa tingin niya ay mas madaling maintindihan na salita, nang sa gayon ay makatulong sa pagpapaliwanag (para madaling maarok) ang mahirap at non-intuitive na konsepto. Humiram si Ferriols ng salitang hindi man pang-araw-araw na ginagamit ay kongkreto pa rin (gamit nga ng kantero!). Bagaman hiram sa Kastila, nahihinuha natin na ang nais ni Ferriols ay pagsalitin ng pilosopiya ang Filipino, o di kaya’y mag-Filipino ang pilosopiya. Kaya nga “meron” ang ginagamit niyang salita imbes na “pag-iral” bilang lunsaran ng kanyang pambungad sa metapisika. “Meron akong dalawang butas sa ilong. Merong Petra na mabait, tapat na kaibigan, at tahimik” (5). Parehong meron ang butas ng ilong at Petra. Kung titingnan mula sa pilosopiya ni Ferriols, hindi lang parehong merong nostril at tao, kundi pareho silang *meron*.

Pero may antas ang meron. At, gayundin, sa kanyang pagtatangkang maipaliwanag ang mga mahirap maarok na konsepto, napapabalentong ni Ferriols ang wika: “Ang sangkameronan [!] na pumapaligid at nag-aalaga sa tao ay walang-malay na nag-aalaga at hindi mulat sa kanyang pagkadambuhala. Ang tao ay mulat sa di-masukat na agwat ng sanlibutan, kaya’t mulat din ang tao na siya’y maliit. Kaya’t sa kanyang pagmumulat sa kanyang kaliitan ay mas matindi ang kanyang meron [diaper at hindi lang napkin ang kailangan] kaysa sa meron ng anomang dambuhalang galaksi” (1995, 42). Kung ipagpapalagay natin na ang skopos ni Ferriols ay ilapit ang

pilosopiya sa wikang Filipino, sa mga estudyante niya sa Ateneo (ginagamit ang *Pilosopiya ng Relihiyon* sa kanilang batayang asignatura sa teolohiya), mainam sigurong pinag-aralan niya ang diseminasyon ng signifier na “meron.” Syempre pa, pag meron ka, meron kang mens, at iba tuloy ang maisip kapag nabasa ang “matindi ang kanyang meron.” Sabagay, ang regla rin ay parehong batas at mens. Medyo nagiging kakatwa tuloy ang pagsubok ni Ferriols sa diyalektikal na pag-iisip (ang maliit ay mulat na hindi siya malaki, pero siya ay mulat, hindi tulad ng dambuhala na hindi mulat, na hindi mulat sa sarili nitong kalakihan) dahil sa hindi makontrol na kalikasan ng wika. Masdan itong kanyang papuri sa Diyos: “Hindi lamang lumalang, kundi sa bawat sandali ay lumalalang, sapagkat ang mga linalang [nilalang] ay marupok, at sa bawat sandali, mula sa lumalalang. Ang lumalalang ay maaring tawaging Mismong Meron, o kaya Meron na Meron” (45). Ngayon, hindi ito ang lugar para, at wala naman talaga akong intensyong. tuyain si Ferriols. Sa kaniyang pamimilosopiya, ipinakita niya na maaaring humiram mula sa banyagang wika (sa kaso ng “nibel”), o di kaya’y bigyan ng dagdag pang kahulugan ang salitang taal (“meron”). Samantalang ang “nibel” ay galing sa Espanyol, at ang meron ay Filipino, ang “gahum” ay Bisaya.

Bagaman hindi pilosopiya, mahusay na halimbawa ng pamimilosopo ang kritikong si Isagani Cruz. Sinubukan niyang ipaliwanag ang konsepto ng hegemony sa pamamagitan ng pagpapatingkad ng salitang ginagamit na naman sa pang-araw-araw na diskurso ng mga Filipino (na hindi Tagalog). Sa kanyang koleksiyong *Bukod na Bukod*, ginamit na ni Cruz sa unang sanaysay (“Ang Bukod na Bukod: Sa Likuran ng Estetikang Filipino” [2000, 4]) ang “gahum,” ipinaliwanag lang niya ito sa ikalawang sanaysay (“Ang Papel ng Kritiko’t Kritika sa Ating Lipunan”): “Salitang Cebuano ito na hiniram ko para makasama sa Filipinong aking ginagamit. Ang ibig sabihin sa Cebuano ay kapangyarihan o lakas; ang ibig kong sabihin sa aking paggamit nito sa Filipino ay ang kapangyarihan o lakas ng mga naghaharing bansa o uri, na lumalabas sa ating sining, kultura, mga ideya, paniniwala, buhay-buhay, at iba pa” (12). Katulad din ni Ferriols, hindi lang minsan ginamit ni Cruz ang “gahum,” nakabudbod ito sa buong koleksyon. May bonus pa, dahil hindi pagkakamalang “gahum” ang tinutukoy ni Cruz kapag sinabi niyang “gahum,” hindi tulad kay Ferriols, na kailangan laging isipin kung aling meron ang binabanggit niya kapag sinabi niyang “meron.”

Sa paglikha ng mga salita, sa pagsasalin sa partikular at sa pag-iisip sa pangkalahatan, hindi kailangang manghiram mula sa labas. Maaari ding

mag-invest sa (katektan ang) salitang Filipino ng bagong kahulugan. Hindi ito labas na halimaw, walang grotesk sa gawaing ito. Imbes, maaari itong ituring na elebasyon, knighting o di kaya'y canonization. Hindi na lamang meron ang meron, meron na ito. Hindi na lamang gahum ang gahum, gahum na ito.

Nakita na natin kung paanong pinag-Filipino ni Ferriols ang pilosopiya. Ganito rin ba ang metodo ng ibang pilosopo? Mainam ditong tingnan ang halimbawa ni Leonardo de Castro. Marami sa kanyang koleksiyong *Etika at Pilosopiya sa Kontekstong Pilipino* ay orihinal na isinulat sa Filipino, pero dalawa rito, "Sekswalidad Bilang Wika," at "Natatagong Karahasan," ay isinalin mula sa Ingles. Sa labas ng mga pilosopikal na termino, tinatangka ni de Castro maging pormal ang kanyang Filipino. Kung kaya, gumagamit siya ng mga salitang halaw sa Espanyol, tulad ng "elocwente" ("elocuyente") at "perbersyon" ("perversión"), pero minsan ay nakakasilip tayo ng siyokoy: "intimasya" ("intimidación" dapat) (1995, 291-293). (Pag ginugel mo itong "intimasya," ang unang lalabas na resulta'y app sa Google Play Store para sa pagtatala ng kabuwanang dalaw ng isang babae, i.e. meron.)

May tensyon sa paggamit ni de Castro ng mga salita. Sa kabuuan ng kanyang gawa, halimbawa, "aborsiyon" ang gamit niyang termino, imbes na "pagpapalaglag." Pero, ginamit din niya ang "abortion pill" (naka-italics). Merong "artipisyal na pag-iinsemina," pero meron ding "Artificial Insemination Husband." Samantala, ginamit din niya ang "bangko ng isperma." Sa mga teknikal na salita ng pilosopiya, kung matatawag silang ganito, mas konsistent si de Castro. Ginamit niya ang "absolutismo," "autonomiya," "birtud," "bolisyon," "deontolohiya," "determinismo," "diborsiyon" (imbes na paghihiwalay), "egoismo." Gayundin, bukod sa mga halaw sa Espanyol, gumamit siya ng taal na Filipino, tulad ng "pananagutang moral," "wakas na layon," at "di-nakikitang pamimilit." Bagaman may magiging nakakalitong basahin tulad ng "utilitarianismo" (kasi "u" imbes na "yu" ang magiging basa sa unang titik), sa pangkalahatan, masasabing modelo si de Castro, tulad ni Ferriols, ng paggamit ng Filipino para magsulat ng pilosopiya. Samantalang mas konserbatibo si de Castro sa kanyang wika, maaari nating sabihing mas malaya o eksperimental si Ferriols.

Konserbatibo ring maituturing ang wika ni Malaya Ronas sa kanyang *Angkan ni Socrates*. Sa kanyang diskusyon sa mga ideya ni Aristotle, halimbawa, nilalagyan niya ng parentetikal na paliwanag sa Ingles ang mga nirender sa Filipino, tulad na lang ng "taong pambayan (statesman)," o di kaya'y

“rule of law o pamumuno ng batas” (1998, 22-23). Ganito rin ang nangyari sa dikusyon kay Rousseau nang mabanggit ang “general will o panlahatang kapakanan” (75), na mas isasalin ko bilang “pangkalahatang kalooban” (tingnan ang Rousseau 2017, 22). Medyo sagabal ang ganitong uri ng pagsusulat, kaya nga nagkakaroon ng mga pahina si Ronas kung saan iniwan na lang niya sa Ingles ang mga susing salita tulad ng “subsistence wage theory” at “laissez faire” (86, 112). Nitpiking na lamang ito, na hindi tunay na layon ng Araling Salin. Hindi matatawaran ang kontribusyon ni Ronas. Hindi rin maikakaila ang pangangailangan na lumampas ang pilosopiyang Filipino sa pagpapaliwanag ng pagpapaliwanag (i.e. kailangang ipaliwanag ang bawat termino na nilikhaan ng espesyal na katumbas o hinanapan ng nagkataong katumbas), kundi’y mauwi lang sa pagpapaliwanag nang pagpapaliwanag.

Ganito rin ang sakit na maituturing ng aderways ay mahusay na efort na *Pamimilosopiya: Mga Pagdulog at Konsepto* (Yasol-Naval, et al 2011). Nakalagay sa brakets na “love of wisdom” ang “pagmamahal sa karunungan” na siya namang “ipinapakahulugan sa pilosopiya” (1). Ang “pananaw sa mundo” naman ay “worldview” (48). Hindi na lamang distraction o pampabagal sa prosa, ineenshur ng ganitong praktika ng pagsusulat-pagsasalin na nananatiling nasa Ingles ang pilosopiya, o na laging may latak na iniwan, o mas malala, laging kailangang tumuntong sa Ingles para mamilosopo sa Filipino. Ganito ring maituturing kahit ang mula pa sa Espanyol na “sanhi o “causa”” at “isinanhi o efecto” nina de Jesus at Rivera (1953, 4). Ang kanilang libro ay *Palapahaman (Pilosopiya) sa Tagalog*, sa taytel pa lang may parenthetical explanations na.

Sa mga pelikulang di-umano’y “indie,” laging merong subtitle na Ingles. Ito’y dahil ang target ojens ng mga obrang ito’y “internasyunal,” at anoman ang motibasyon nito, kailangang salungguhitan ang implikasyong hindi mga Filipino ang kausap ng mga pelikula. Ang mga Filipino ay paksa lamang. (Kakatwang kahit sa mga lokal na sinehá’y naroon pa rin ang mga subtitle. Baka nga naman may mga konyong hindi nakakaintindi ng ating wika.) Hindi man ito ang kaso ng mga nagpapaliwanag sa Ingles ng librong nakasulat sa Filipino, kailangang pa ring salungguhitan ang fakt na nililikha ng mga gawa ang sarili nilang mambabasa. Sa kaso ng mga nabanggit nang libro ng pilosopiya, nililikha ng mga ito ang pilosopo o akademikong sa Ingles nakakaintindi. Samantala, kung susulat ng librong nasa Filipino lamang, lilikha ng mga mambabasang sa Filipino lamang namimilosopo.

Bagaman lumalabas na hindi ko nais ang pananatili ng ibang wika, Ingles man o hindi, sa mga tekstong Filipino, salin man, pilosopiya man, o hindi, sa totoo'y mas malapot ang usapin. Isa sa mga kahanga-hangang likha sa larangan ng pilosopiya sa Pilipinas ang *Si Santo Tomas de Aquino at mga Isyung Panrelihiyon sa Lipunang Filipino Ngayon* ni Jose Tejido. Samantalang ang ibang awtor ay kontento nang maglagay ng Ingles na paliwanag sa brackets, pinanatili ni Tejido hindi lamang ang mga Ingles na paragrafs ng salin kay Aquinas, kundi pati ang kanyang orihinal na Latin. Nag-iiba na ang nililikhang mambabasa nito. Ang nililikha na nito'y mambabasang kayang iverifay kung tama ang salin sa Ingles at sa Filipino ng orihinal na Latin. Sa seksyon ng kanyang "Pambungad" na pinamagatang "Paano Naman Nakadisenyo ang Bawat Kabanata ng Aklat na Ito?", ipinaliwanag ni Tejido na isinama niya ang Latin para "maging malinaw at *transparent*" ang proseso ng pagsasalin. Gayundin, iniisip ni Tejido na "maiwawasto at mapagaganda pa ang pagsasalin sa mga darating na edisyon" (2005, wp).

Transformativo ang proyekto ni Tejido. Lampas pa sa paglapit kay Aquinas sa Filipino, ang nais niya ay lumitaw "ang pinagpanibagong interpretasyon at pagbabasa ng *Summa*, na naangkop sa panahon natin ngayon, at sa pangkasalukuyang daloy ng kulturang Filipino" (ibid). Bukod sa pagtalakay sa mga maliit na paksa tulad ng katarungan, pinagmulan ng kasamaan, kamatayan at impyerno, sinagot din ni Tejido ang tanong na "Masama Ba ang Humiling sa Diyos ng mga Tiyak at Materyal na Bagay?" i.e. "Ibig Ko Sanang Manalo sa Lotto, Wasto Bang Ipagdasal Ko Ito?" (93-104). Mapapansing hindi ipinaliwanag ni Tejido kung ano ang lotto, katulad din ng hindi niya pagpapaliwanag kung sino ang Pilosopo at ang Apostol na binabanggit ni Aquinas. Alam ng kanyang nililikhang mambabasa kung ano ang lotto, kung sino si Aristotle at si Pablo.

Base sa mga sinuring libro, masasabing ang pagsasalin ng pilosopiya ay espasyo para sa paglikha, hindi na lamang ng mga salita, kundi ng mga Filipino, at pilosopong Filipino. Bukod sa apat na halimaw, nagkakaroon din ng kanonisasyon, ang ordinaryong salita ay naiimbyu ng dagdag pang kahulugan, ang gahum ay hindi na lamang kapangyarihan o lakas, pero sitwasyon kung saan namumuno ang mga naghaharing-uri nang walang pamimilit. Ang paglikha ng mga santong ito ay hindi lamang matatagpuan sa pagsasalin, kundi sa pamimilosopo mismo, sa Filipino man o hindi. Ang kaligayahan ay hindi na lamang may kahulugan sa diksyonaryo, o sa pangkaraniwang gamit, nagbabago ito sa kamay ng mga yutilityan, sa mga

kamay ng Pilosopo. Kung tutuusin, ang paglikha ng apat na halimaw ay hindi rin talaga eksklusiv sa pagsasalin ng pilosopiya, o pagsasalin, kundi sa mismong paglikha ng wika.

Maugnayinsilog

Nabanggit na rin naman ang paglikha, hindi maaaring iwasan ang paksa ng “maugnayin.” Sa kanyang pag-aaral sa proyektong ito, sinipi ni Ramon Guillermo ang liham ni Blumentritt kay Rizal, kung saan ipinapaliwanag ng una na katulad ng Aleman, bukas ang Tagalog sa paghugpong-hugpong ng mga salita para lumikha ng ibang salita, imbes na manghiram sa mga wikang banyaga. Sa Aleman, paliwanag ni Guillermo, “ginagamit ang mga salitang *Wissenschaft* (agham) at *kunde* (agham ng -) upang tumukoy sa agham na may kinalaman sa salitang dinudugtungan ng mga ito” (2009c, 264). Kasama na rito ang mga inilista ni Blumentritt kay Rizal: “Erdkunde” imbes na “Geographie,” at “Volkerkunde” imbes na “Ethnographie.” Binanggit din ni Blumentritt ang “Sprachkunde” na “agham ng mga wika,” ang kaso nga lang, ayon kay Guillermo, “mas kilala at gamitin ngayon ang salitang *Sprachwissenschaft* (aghamwika), gayundin ang salitang hiram na *hindi naiwaksi* sa bokabularyong Aleman na *Linguistik*” (ibid, akin ang diin).

Tinangka sa proyektong maugnayin na lumikha ng mga salitang pang-agham mula sa mga salitang Filipino. Ilan sa mga susing salita sa diskursong ito ay “banyuhay” (bagong anyo ng buhay, i.e. metamorphosis) at “tapsilog.” Itong huling salita ang pwedeng sagot sa kritisismong inihain sa maugnayin, i.e. “kung titingnang halimbawa ang salitang maugnayin na *likhisog* (*likha* + *isog*), na itinutumbas sa Ingles na *engine*, kapag susuriin ang panambal na *lik-* ay napakaraming makikitang salita na mapaghuhugutan din ng anyong ito” (266). Dahil hindi tulad ng “-an” o “pang-”, hindi intuitive, kung ano ang ibig sabihin sa “lik,” kung bakit “lik” ng “likha,” imbes na “lik” ng “liksi” ang iaasoshiyot dito. Hindi nga makaagham ang sistema ng maugnayin, ayon kay Guillermo. Gayunpaman, kapag sinabing “tocilog,” “hotsilog,” “porksilog,” “bangsilog,” alam na “itlog” ang “-log” na ito, imbes na “ilog,” “bilog,” o “kalog.” Sa anong paraan nakamit ng “-log” ang status ng “-an,” at hindi ng “-hay” (bilang “buhay,” e.g. “hinhay” = “patay” [“hindi” + “na” + “buhay”], o di kaya’y “bamanhay” = “prebiotic” [“bago” + “magkaroon” + “ng” + “buhay”])? Ang “-log” ang ginamit ng mga nagtitinda ng pagkain. Samantala, hindi ginamit ng mga siyentista ang “-hay.” Ganun lang nga ba kasimple? Ganun kasalimuot.

Hindi sarado ang pagsasalin ng pilosopiya sa metodo ng maugnayin. Bagaman hindi makaagham ang pagpili ng mga salitang gagawing lapi, hindi ito problema para sa pilosopiya. Ang “Übermensch” ay likha ni Nietzsche. Isinalin ito bilang “lipat-tao” nina Quito at Abulad (1980, 73), “makapangyarihang tao” nina Quito, et al (1993, 76), at “lampas-tao” naman ni Timbreza (2002, 24). Iba ang kasong ito, dahil hindi naman inimbentong lapi ang “über,” lapi na talaga ito, bukod sa pagiging ding buong salita (ang “mensch” naman ay salita na talaga, i.e. tao). Ang sistematisasyon na hinahanap para maging intuitive ang mga lapi at paglikha sa maugnayin sa agham ay hindi rin kinakailangan sa pilosopiya. (Bagaman, kailangang purihin dito sina Quito at Abulad, dahil nasapol nila ang “über” bilang “lipat,” na bagaman hindi lapi ay maaaring ilapat tulad ng “über.”)

Supalpal

Sa simula ng kanyang pagtalakay sa mga sulatin ng tubong-Moroccong manunulat na si Abdelfattah Kilito, inilista ni Emily Apter ang mga pagsasalin, sa Kanluran, ng iba’t ibang libro, mula Aleman pa-Pranses, mula Pranses pa-Ingles, mula Ingles pa-Pranses. Itinala niya ang pag-aangkop sa mga konsepto sa mga libro, mula sa konteksto di lamang ng bansa kundi ng dekada kung kailan lumabas ang mga ito, para gamitin sa ibang bansa, sa ibang panahon. Para kay Apter, ang pag-aaral ng mga transformasyong ito’y hindi lamang “intellectual exercise.” Bagkus, “By gauging the deformations, reformulations, and temporal decalages of translated works, we are doing philosophy” (2013, 249). Malalim-lalim na rin naman ang tradisyong pinaghuhugutan ni Apter, mulang 1962 ang pinakalumang librong inilista niya, 2009 ang pinakabata. Syempre pa, mas malalim pa ang kabuuang tradisyon ng pilosopiya sa Kanluran, kung sisimulan natin sa mga pre-Sokratiko’t tatapusin, halimbawa, kay Graham Harman, o di kaya’y kay Andrea Long Chu.

Ang pag-aaral na mismong ito, hindi man bahagi ng tradisyon ng Kanluran, ay humuhugot pa rin ng sustansya mula rito. Kung titingnan mula sa isang perspektibo, ang papel na ito’y pagtatangka, kopya kay Hegel, na pagsalitaan ng Filipino ang pilosopiya. Sa ilang bahagi ng sanaysay, natukso akong sabihing hindi lamang na “ang pagsasalin ay pilosopiya,” kundi “ang pilosopiya ay pagsasalin.” Idagdag ko pa nga na ang pagsasalin ay paglikha, at kung gayon, ang pilosopiya ay paglikha. Kaso, nasabi na nga pala nina Deleuze at Guattari ito.

Bueno, natunghayan na sa papel na ito ang pilosopiyang pangwika ni Barbaza. Ang pagsusulat niya ay laban sa reipikasyon, sa pagkalimot na ang bagay ay proseso pala. Ang bayan ay hindi nariyan na lamang, nauna sa atin na natagpuan natin sa sulok o sa bundok. Ang bayan ay ating nilikha, at patuloy na nililikha. Ang mga nagpapahayag ng ganito at ganiyang alituntunin, mabuti man ang kanilang intensyon o nais lamang panatilihin ang sarili sa kapangyarihan, buburahin ang nakaraan ng mga institusyon, ng bayan mismo, at bahagi ang pagbuburang ito ng kanilang katwiran na kung ano ang mayroon ang siyang dapat mayroon. Kahit iyong mga malay sa pagiging bahagi ng kasaysayan ng kanilang ipinagtatanggol, i.e. iyong mga aaming historikal imbes na eternal ang isang institusyon, tradisyon, batas, organisasyon, o ideolohiya, mananakot naman ay sasabihing ang pagwaksi, ang pagreporma, ang pagbuwal, sa kung ano ang mayroon ay magreresulta lamang sa anarkiya, sa gulo, sa karahasan. Ang bago, ang kakaiba, para sa kanila ay laging masama.

Paano nga ba lumikha ng bago? Isa sa mga paraan ay pagsusulat. Pero walang pagsusulat na mula sa wala. Lahat ng pagsusulat ay galing sa iba pang pagsusulat. Pwedeng sabihing pagmamalabis ito, pero sa kaso ng pilosopiya sa Pilipinas, ito ay lantad at lagi't lagi nang nagladlad. Ang mga gawa nina Ferriols, de Castro, at iba pa, ay nakabase sa mga nauna nang naisulat, ng mga Kanlurin, oo. Pero ang pag-aaral na ito'y nakabase sa pagsusulat nila. Sa ganitong paraan nililikha ang tradisyon ng pilosopiya sa Pilipinas, na tradisyon ng pagsusulat. Marami pang batis, marami pang maaaring paghugutan. Ang itinanghal dito'y bahagdan lamang ng henealohiya.

Ang kakatwa sa *counter-intuitive* na kabatiran ni Apter (na ang pag-aaral sa henealohiya ng pagsasalin ng mga salin ng mga gawang pampilosopiya), ito rin mismo'y reaksiyonaryo sa ibang banda (minamaliit niya ang pilolohiya at "intellectual exercise," kumpara sa pilosopiya). Kailangang ipagtanggol ang pagiging iba nito, para manatili ang dignidad nito. Ang pagiging tangi ng pilosopiya. Ang hamon sa atin ngayo'y panatilihing counterintuitive si Apter, at ipaloob ang pilosopiya, pilolohiya, araling salin, komparatibong literatura, at ang simpleng "intellectual exercise" bilang bahagi ng iisang diskurso, ang pagsusulat.

Maaari nating isalin ang "interrupting" sa *Interrupting the Nation* ni Barbaza bilang "pagsupalpal." Pagsupalpal sa bayan. Pagsupalpal din ang ginagawa ng mga tagasalin-pilosopo sa mga teksto ng Kanluran. Hindi

makadaloy nang madulas ang mga isinasalin na teksto't ipinapaliwanag na konteksto, sinusupalpal ng komentaryo, pagsasakonteksto, pagrekontekstwalisa. Pagsupalpal din ang pagsusulat. Walang madulas na daloy sa pagsusulat, palagiang sinusupalpal ng pagsusulat ang sarili nito.

Mula nang mabasa ang *Pasyon and Revolution*, nahumaling na ako sa potensyal, sa kapangyarihan ng mga misreading, misprision, ng mga teksto. Pero aaminin kong ako ma'y nagitla sa pagbasa ng isang "Benedict Mario D. Clemente" sa blog na "Sir Chuck Gwapo" ([url: 4a2011hatid-blog.tumblr.com](http://url:4a2011hatid-blog.tumblr.com)) sa tulang "Kung ang tula ay isa lamang" ni Jess Santiago. Ayon kay Clemente, ang isang "pumpon na mga salita na kanyang tinutukoy ay isang tula na naaayon sa mga kumbensiyon ng mga Pilipino noon" (2011, w.p.). Dagdag pa niya, itinataboy ng tula ang Balagtasismo, at maaaring "isipin na gusto niya ng mga bagong tula, mga modernistang tula. Nakakapagod na rin ang mga makaluma." Maraming interpretasyon ang maaaring gawin sa komentaryong ito. Ang sanaysay bang "Ako, ang Daigdig at Poetry ay Iisa Lamang" ay patunay ng lisyang edukasyon ng mga Filipino, o ang pagkawalang katapusan ng potensyal ng tula ni Santiago? Ano't anoman, mas interesante pa rin ang gawa ni Clemente sa sanlibo't isang kulangot na komentaryo tungkol sa "Kung," na inuulit lang din naman ang first layer na kahulugan ng tula. Ang paghiling sa mga akdang pampanitikan, sa lahat ng pagsusulat, na maging mas higit pa sa mga pumpon ng mga salita ay may mahaba ding tradisyon sa Pilipinas. Noong Marso 15, 2020, halimbawa, ipinahayag sa anonimong Facebook page na "Ibong Adorno" kung ano ang dapat gawin ng mga manunulat sa kalagitnaan ng krisis sa COVID-19. Imbes daw na magsulat ng "fictitious pieces" na nagsasamantala sa pagdurusa at kamatayan ng mga tao, "writers can instead help fight misinformation by helping develop information materials about COVID-19. Translation and documentation services will be of great contribution. Archiving COVID-19 narratives in non-exploitative platforms can also be done [i.e. binibigyan ng permiso] provided the account are actual experiences of the people" (2020, w. p., akin ang diin). Konklusyon ng Ibong Adorno: "The human person must always reign over the writer," na tawasin man ako'y lagi kong sasabihing dekonstruksyon ng paglalarawan ni Stalin sa mga manunulat bilang inhinyero ng mga kaluluwa ng mga tao.

Ang nais ng Ibong Adorno'y magkaroon ng gamit, ng silbi, ang mga manunulat, na magkaroon sila ng ambag at hindi lang umokupa ng espasyo, o, mas karima-rimarim, magsulat nang walang kwenta. Pinangungunahan ng

Facebook page kung ano ang pwede at hindi pwede, kung ano ang katanggap-tanggap at ano ang hindi, kung sino ang maghahari at ang paghaharian. Sa mwestrang ito’y walang pinagkaiba ang Ibong Adorno kay Susie Sheep, tauhan sa serye sa YouTube na *Peppa Pig*, sa episode na “Nursery Rhymes,” na sinupalpal ang kaklaseng si Zoey Zebra, nang simulan ng huli ang pag-recite sa “Little Bo Peep.” Ani ni Susie, “I don’t like that one. It’s about sheep getting lost. It’s too sad.” (2019).

Maaaring maging argumento ng administrador ng Ibong Adorno na sila nga ang tunay na sinusupalpal, ng mga makapangyarihan, ng mga burgis na may pribilehiyo sa panahon ng lockdown at enhanced community quarantine. Kung gayon, hindi nila maipagkakait sa iba na manupalpal din, bilang pag-uulit ng kanilang mwestra. Laban at para sa kanila ang pagsupalpal na ito, munting kontribusyon sa tradisyong ng pagsusulat sa Pilipinas.

MGA SANGGUNIAN

Apter, Emily. *Against World Literature* (London: Verso, 2013).

Barbaza, Raniella. 2014. Wika at Identidad: Wikang Bikol bilang Lunan ng Bikolnon, 1890-1956 (Language and Identity: The Bicol Language as a Space for Bicol-ness/the Bicol People, 1890-1956). *Daluyan: Journal of the Filipino Language*, 20: 73-98.

Barbaza, Raniella. 2017. *An Orosipon Kan Bikolnon: Interrupting the Philippine Nation*. Quezon City: University of the Philippines Press.

Clemente, Benedict. “Ako, ang Daigdig at Poetry ay Iisa Lamang,” Sir Chuck Gwapo (blog), Pebrero 20, 2011, <https://4a2011hatid-blog.tumblr.com/post/3402240124/ako-ang-daigdig-at-poetry-ay-iisa-lamang>.

Cruz, Isagani. *Bukod na Bukod* (Quezon City: UP Press, 2000).

de Castro, Leonardo. *Etika at Pilosopiya sa Kontekstong Pilipino* (Quezon City: UP Press, 1995).

Deleuze, Gilles at Guattari, Felix. (1995). *What is Philosophy?* New York:

Columbia University Press.

Ferriols, Roque. *Pilosopiya ng Relihiyon* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1994).

Ferriols, Roque. *Pambungad sa Metapisika* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2014).

Guillermo, Ramon. "Mga Suliranin sa Proyekto ng Maignaying Pilipino." Nasa Galileo Zafra (ed), *Salin-Suri: Panimlang Pagmamapa ng mga Larangan ng Pag-aaral ng Pagsasali sa Filipinas* (Quezon City: Sanggunian ng Filipino/SWF-UPD/NCCA, 2009), pp. 263-276.

Ibong Adorno. 2020. "Literature Amidst Crisis, Crisis in Literature." Facebook, Marso 15, 2020. <https://www.facebook.com/279025725900361/posts/853995985069996/>.

Ronas, Malaya. *Angkan ni Socrates* (Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino-UP Diliman, 1998).

Tejido, Jose Miguel Antonio. *Si Santo Tomas de Aquino* (Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino-UP Diliman, 2005).

Yasol-Naval, Jeanette. *Pamimilosopiya* (Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino-UP Diliman, 2011).